

Tala: 1

Adrenalectomy(includes abstract) Carson-DeWitt R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052426

Abstract: Ang adrenalectomy ay ang pagtanggap ng isa o parehong mga adrenal gland. May isang gland sa ibabaw ng bawat bato. Tumutulong silang kontrolin ang paggawa at balanse ng mga hormone.

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog


Adrenalectomy

ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang adrenalectomy ay ang pagtanggap ng isa o parehong mga adrenal gland. May isang gland sa ibabaw ng bawat bato. Tumutulong silang kontrolin ang paggawa at balanse ng mga hormone.

Mga Adrenal Gland

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- (Mga) adrenal gland
- Tiyan
- Dibdib

Mga Dahilan para sa Proseso

Maaaring tanggalin ang iyong adrenal gland kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod:

- Mga malignant na tumor sa adrenal

- Mga benign na tumor sa adrenal, gaya ng pheochromocytoma
- Paglaki o mga abnormalidad ng adrenal gland na humahantong sa mga sintomas at kumplikasyon mula sa paggawa ng sobrang hormone (halimbawa Cushing's syndrome)
- Malaking hindi gumaganang bukol sa adrenal
- Isang bukol sa adrenal na hindi makikilala sa needle biopsy

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Edad: 60 o mas matanda
- Labis na katabaan
- Paninigarilyo
- Labis na pagkapagod
- Kakulangan ng nutrisyon
- Kamakailan lamang o matagal nang karamdaman
- Mga karamdaman sa puso o baga
- Pagkalulong sa alak
- Paggamit ng ilang mga gamot (halimbawa, mga tableta para sa presyon ng dugo, mga pampakalma ng kalamnan, tranquilizers, mga tabletang pampatulog, insulin, mga steroid, mga sedative, at mga hypnotic agent)
- Paggamit ng mga bawal na gamot (halimbawa, LSD, hallucinogens, marijuana, at cocaine)

Anong Maaasahan

Bago ang proseso

Malamang na magsasagawa ang iyong doktor ng ilan o lahat ng mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Mga pagsusuri sa dugo
- Mga pagsusuri sa ihi
- Abdominal ultrasound —isang pagsusuring gumagamit ng sound waves upang hanapin ang ilang mga bahagi ng tiyan
- CT scan of the abdomen —isang uri ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga larawan ng mga bato at/o adrenal glands
- MRI scan —isang pagsusuring gumagamit ng magnetic waves upang gumawa ng mga larawan ng mga bato at/o mga adrenal gland
- CT scan ng ulo—upang suriin ang pituitary gland (kinokontrol ng glandulang ito ang mga adrenal gland)
- Nuclear scan (MIBG o NP-59)—isang pagsusuri kung saan iniiniksiyon ang kaunting radioactive material, at pagkatapos ay kinukunan ng mga larawan ng loob ng katawan upang malaman kung ang tumor ay benign o malignant
- Ibigay ang ilang mga gamot upang malaman kung bakit hindi gumaganang mabuti ang adrenal gland

Kung matutuklasan ng iyong doktor ang di-pagbabalanse ng hormone, alta presyon , o mababang potassium sa dugo, maaaring bigyan ka ng mga gamot sa mga linggo bago ang iyong operasyon

Sa paglapit ng mga araw sa iyong proseso:

- Mag-ayos ng sasakyan patungo at mula sa proseso
- Ayusin ang makakatulong sa bahay pagbalik
- Sa gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain, huwag kumain o uminom ng anuman pagkalipas ng hatinggabi
- Maaaring bigyan ka ng pampalambot ng dumi at/o isang enema upang linisin ang iyong mga bituka

Maaaring kailanganin ng mga doktor na ipasok ka sa ospital bago ang iyong nakatakdang proseso kung ang presyon ng iyong dugo ay hindi nakontrol nang maayos sa pamamagitan ng mga gamot. Hahayaan nitong balansehin ng mas agresibong paggamot ang iyong presyon ng dugo. Titiyakin din nito na mayroon kang sapat na likido sa iyong katawan upang maiwasan ang mga problema sa presyon ng dugo kapag natanggal na ang tumor.

Anesthesia

Pangkalahatang anesthesia

Paglalarawan ng Proseso

Bibigyan ka ng mga IV fluid, mga antibiotic, at mga steroid. Mayroong dalawang pangunahing uri ng adrenalectomy:

Classic Open Abdominal Adrenalectomy:

Tinatanggal ang mga adrenal gland sa pamamagitan ng paghiwa sa ibaba ng kaha ng tadyang o sa tiyan. Marahang hinihiwalay ang adrenal gland sa bato at tinatanggal.

Karaniwang tinatanggal ang mga maliliit na tumor, kadalasang benign, mula sa likod o sa pamamagitan ng laparoscopic approach (tingnan sa ibaba). Kadalasang tinatanggal mula sa harap ang mga malalaking bukol na maaaring malignant. Ginagawa ito upang madaling tanggalin ang bukol at masusuri ang kabuuan ng tiyan.

Maaaring piliin ng siruhista na maglagay ng maliit, madaling mabaluktot na tubo sa bahagi kung saan tinanggal ang gland. Patutuluin ng tubong ito ang anumang mga likido na maiipon pagkatapos ng operasyon. Tatanggalin ito sa loob ng isang linggo pagkatapos ng iyong operasyon. Isinasara ang hiwa gamit ang mga tahi o staples, at tinatakpan ng sterile dressing.

Laparoscopic Adrenalectomy:

Gumagawa ang siruhista ng 3-4 na maliliit na mga hiwa sa tiyan. Ipinapasok ang maliit na camera sa isa sa mga bukasang ito upang ipakita ang loob. Para makitang mas mabuti, pinupuno ng gas ang tiyan. Ginagamit ang ibang parang-tubong mga instrumento upang paghiwalayin ang adrenal gland at ang bato at hatakin palabas ang tinanggal na gland. Madalas na maliit ang mga hiwa sapat upang maisara ng dalawang tahi o staples, at tinatakpan ng mga maliliit na benda.

Pagkatapos ng Proseso

Sinusuri ng pathologist ang (mga) adrenal gland.

Gaano Katagal Ito?

1½ oras-3½ oras

Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang sakit habang inooperahan. Ang pananakit at kirot habang gumagaling ay makakayanan gamit ang gamot.

Mga Posibleng Kumplikasyon

Habang ginagawa ang laparoscopic surgery, maaaring lumipat ang siruhista sa classic open abdominal adrenalectomy. Maaaring mangyari ito sa mga kasong ito:

- Labis na pagpepeklat mula sa mga naunang operasyon
- Mas malaki kaysa inaasahan ang adrenal tumor o sukat ng adrenal
- Hindi makitang mabuti ng siruhista ang mga bahagi ng tiyan.

Kabilang sa ibang mga posibleng komplikasyon ang:

- Nelson's syndrome—ang naroroon nang pituitary tumor ay magsisimulang lumaki nang napakabilis, na humahantong sa di-normal na dami ng hormone sa dugo at labis na pagbabago ng kulay ng balat
- Di-pagbabalanse ng hormone
- Mga pagbabago sa presyon ng dugo
- Mabagal na paggaling ng sugat
- Naipong likido
- Pagdurugo
- Impeksiyon
- Mga namuong dugo sa mga binti
- Pulmunya at ibang mga panganib sa general anesthesia
- Pinsala sa mga kalapit na organo o bahagi
- Masamang reaksiyon sa anesthesia

Karaniwang Pananatili sa Ospital

- Classic open abdominal adrenalectomy: 4-5 na araw
- Laparoscopic adrenalectomy: 2-3 na araw

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Baka mangailangan ka ng mga gamot sa pananakit. Nangangailangan ng mas malakas na mga gamot sa pananakit nang mas matagalan ang mga pasyenteng nagkaroon ng open surgery kaysa sa mga sumailalim sa laparoscopic procedure.
- Maaaring maramdaman mong parang naduduwal ka ilang oras pagkatapos ng operasyon. Maaaring maglagay ang iyong siruhista ng nasogastric tube sa pamamagitan ng iyong ilong at patungo sa iyong sikmura upang patuluin ang mga likido at asido ng sikmura. Hindi ka makakakain o makakainom hanggang matanggal ito at hindi ka na parang naduduwal. Sa kasong ito, ipagpapatuloy mo ang pagtanggap ng mga likido at asukal sa pamamagitan ng IV. Sa oras na magsimula kang kumain, kailangan mong kumain ng mas kaunti, matabang na diyeta kaysa karaniwan.
- Maaaring bigyan ka ng mga special compression stocking upang bawasan ang posibilidad ng pamumuo ng dugo sa iyong mga binti.
- Maaaring gumagawa ang iyong katawan ng sadyang mas kaunting mga natural steroid hormone. Maaaring umpisahan ng iyong doktor ang iyong mga paggamot ng steroid kaagad pagkatapos ng operasyon.

Resulta

Maaaring kasing tagal ng 4-6 linggo ang paggaling pagkatapos ng classic open abdominal adrenalectomy. Maaaring kasing igsi ng 7-10 araw ang paggaling sa laparoscopic adrenalectomy.

Kakailanganin mong masubaybayan mabuti upang makita kung gumagawa ang iyong katawan ng tamang dami ng mga steroid hormone, o upang mapatunayan kung iniinom mo ang tamang dosis ng gamot na steroid.

Maaaring hingin sa iyong kunin mo ang iyong timbang araw-araw at iulat ang anumang pagtaas ng timbang na dalawa o higit pang libra sa loob ng 24 oras. Maaaring palatandaan ang ganitong pagtaas ng timbang na nag-iipon ka ng likido. Maaari ding hingin sa iyong subaybayan mo palagi ang iyong presyon ng dugo sa bahay.

Subuking dagdagan ang iyong pisikal na gawain alinsunod sa mga bilin ng iyong doktor. Makakatulong itong maiwasan mo ang mga kumplikasyong respiratory mula sa general anesthesia at makakatulong sa paggaling ng iyong digestive system.

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, pagtindi ng sakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana sa hiwa o sugat
- Pagduduwal at/o pagsusukang hindi mo makontrol sa mga gamot na ibinigay sa iyo, o nagpapatuloy nang mahigit na dalawang araw pagkalabas mula sa ospital
- Ubo, kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, labis na pagduduwal o pagsusuka
- Pananakit, paghapdi, pagkaramdam na ihing-ihing, o madalas na pag-ihing, o tuluy-tuloy na pagkakaroon ng madalas na pagdurugo sa ihing
- Lumalalang pananakit at/o pamamaga sa iyong mga paa, mga kalamnan sa binti, o mga binti

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052426